# Balitang Manmin

BILANG 106 ABRIL 20, 2014

# Ang Tubig ng Muan, Pwedeng Inumin Tulad ng Mara sa Biblia – Dahil sa Pag-ibig at Kapangyarihan ng Diyos








Libu-libong taon na ang nakaraan, magkasama ding nabuhay ang mga isdang tubig-alat at mga isdang tubig-tabang noong panahon ng malaking baha ni Noe. Ang misteryosong pangyayari ay naulit at makikita sa Muan Sweet Water Aquarium. (Unang linya, kaliwa – Dr. Jaerock Lee, idinadalangin ang pagbubukas ng aquarium noong 2007)

Mayroong dapat makita ang mga bumibisita sa Manmin Central Church. Ito ay ang Muan Sweet Water Aquarium. Hindi mabilang ang mga taong pumupunta dito dahil hindi kapanipaniwalang magkasama sa iisang lalagyan ang mga isdang sa tubig-alat lang nabubuhay at mga isdang sa tubig tabang lang pwedeng mabuhay.

Nabubuhay ang mga isdang ito sa magkaibang klase ng tubig. Magkaiba din ang reaksyon ng mga ito sa pabago-bagong kapaligiran. Mahirap para sa mga itong mabuhay ng magkasama sa iisang klase ng tubig. Gayon pa man, sa Muan Sweet Water Aquarium may mga isdang tubig-alat tulad ng threadfin butterfly fish, powder blue tang, bluering angel fish, at French angel fish. Kasama nila sa aquarium ang mga isdang tubig-tabang tulad ng gold barb, sailfin pleco, red spot severum, at siver shark.

Sinabi ni Diakono Euitaek Kim, tagapamahala ng komite na nangangalaga sa Muan Sweet Water, "Marami ang bumisitang dalubhasa sa mga bagay na pandagat at mga mahilig mag-alaga ng mga isda. Namangha sila sa pamamahala ng tubig at sa kondisyon ng mga isda sa aquarium. Sinabi nila na 'parang panaginip ang aquarium na ito'. May mga isdang mahirap alagaan, pero napakaganda ng kalagayan ng mga isda at aktibo silang lahat."

Ang pagsasama ng mga isda ay lampas sa kaalaman ng tao, pero naging posible ito dahil nasa Muan Sweet Water ang kapangyarihan ng Diyos.

Nagsimula ang Muan Sweet Water sa Muan Manmin Church na pinaglilingkuran ni Pastor Myungsool Kim sa Muan-gun, Jeonam, Korea. Ito ay dating isla na napapalibutan ng dagat. Matagal ng panohon na naging problema ang tubig na pwedeng inumin ng iglesya. Ipinanalangin nang may pananampalataya ng mga miyembro ang tubig. Nasa isip nila ang tungkol sa Mara na nakasulat sa Exodo 15:25.

Noong Marso 5, 2000, idinalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang tungkol dito. Sa pamamagitan ng panalangin niya na lumalampas sa lugar at panahon, napalitan ng tubig na pwedeng inumin ang tubig-alat. Higit pa riyan, kapag ginagamit ng mga tao ang tubig nang may pananampalataya, gumagaling sila sa mga karamdaman at nagkakaroon ng kasagutan ang mga dalangin nila. Dahil dito. Pabalikbalik ang mga tao sa lugar ng Muan Sweet Water.

Noong 2007, kinumpirma ng Food and Drug Administration ng Estados Unidos na malinis ang Muan Sweet Water. Sagana ito sa mineral at mayroon itong tatlong beses na mas maraming calcium kaysa sa ibang mas tanyag na tubig bukal na kinikilala sa buong mundo. Noong 2010, nagsagawa ng dagdag na pagsusuri sa kalidad ng tubig ang Food and Drug Administration ng Estados Unidos. Batay sa mga katangian ng tubig, pwede na itong ibenta sa kanila. Noong 2013, ang tatak-pangkalakal nito ay inirehistro sa Patent and Trademark Office ng Estados Unidos.

Noong Marso 6, 2014, idinaos ang ika-14 anibersaryo ng 'Muan Sweet Water of Power' sa Muan Manmin Church. Ibinahagi ni Rev. Soojin Lee ang mensaheng pinamagatang "Blessed People" (Pinagpalang mga Tao), batay sa Mateo 13:16-17. Nagbigay ng pagbating mensahe si Dr. Esther Chung, at pagkatapos, nagkaroon ng pagtatanghal para sa selebrasyon. Habang pinapamahalaan ni Diakonesa Joan Jang ang pagpapakilala ng mga magtatanghal, magkakasunod na nagpalabas ang Crystal Singers at Sound of Light Chorus ng komite ng sining ng Manmin Central Church. May mga dumalong kilalang mga personalidad tulad ng gobernador ng Muan-gun na si Chuljoo Kim at si G. Chansu Jeong, miyembro ng konseho ng Muan-gun. Dumalo din ang mga lokal na mamamayan.





# Ang Karunungang Mahabagin at Masipag sa Paggawa ng Mabuti

"Ngunit ang may karunungang mula sa Diyos, una sa lahat, ay may malinis na pamumuhay, sila'y maibigin sa kapayapaan, mahinahon, mapagbigay (o makatwiran), mahabagin, at masipag sa paggawa ng mabuti, hindi nagtatangi, at hindi nagkukunwari" (Santiago 3:17, Magandang Balita Biblia).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Karaniwan, ang salitang 'mahabagin' ay sinasabing 'pagpapakita ng pagiging maawain at pagpapatawad.' Pero sa espirituwal na diwa, hindi lang ito pagpapakita ng awa sa ibang tao. Ito ay pagsasaalang-alang na mas mahalaga ang isang kaluluwa kaysa sa buong mundo. Kahit parang walang pag-asa ang isang tao, huwag tayong susuko. Pagsikapan natin siyang dalhin sa daan ng kaligtasan.

Kung magpapakita tayo ng habag na may pag-ibig ng Diyos, ang magiging bunga nito ay 'mabubuting gawa'. Ito ang dahilan ng malapit na kaugnayan ng 'mahabagin' at 'kasipagan sa paggawa ng mabuti'. Pag-aralan natin ang karunungang puno ng habag at mabubuting gawa.

### 1. Mabubuting bunga mula sa pagiging mahabagin

Ang puso ng Diyos mismo ang pinagmumulan ng habag. Kung hindi magpapatawad ng mga makasalanan ang Diyos, at ipapataw sa kanila kung ano ang sinasabi ng Batas, sinong matitirang buhay sa mundong ito? Pero dahil mahabagin ang Diyos, mayroon tayong pagkakataong magsisi at makamit ang lubos na kaligtasan.

Sa puso din ng Panginoon nagmumula ang habag tulad ng ating Diyos Ama. May sinasabi ang Mateo 12:20 tungkol sa habag ni Jesus, "Hindi Niya babaliin ang tambong nasugatan, o papatayin ang nagbabagang mitsa, hanggang ang katarungan ay dalhin Niya sa tagumpay." Nagtiis si Jesus kahit para sa mga taong parang mga tambong sugatan at nagbabagang mitsa at walang pag-asang maligtas. Nangaral Siya tungkol sa pagpapatawad at ebanghelyo kahit sa mga makasalanang kinapopootan ng ibang tao tulad ng mga maniningil ng buwis at mga babaing bayaran. Ito'y sapagkat hindi Siya pumarito para sa mga matuwid kundi para tulungan ang mga makasalanan para magsisi (Lucas 5:32).

Hindi sinabihan ni Jesus si Judas Iscariote ng, "Hindi ka maliligtas!" Binigyan Niya ng pagkakataong maligtas ang mga taong katulad nito. Hanggang sa namatay Siya sa krus para buksan ang daan patungo sa kaligtasan para sa sangkatauhan. Ang hindi mabilang na tao na naligtas sa pamamagitan ng mahalagang dugo Niya ay ang 'mabubuting bunga' ng pagiging mahabagin.

### 2. Nagbibigay ng buhay ang karunungang mahabagin

#### 1) Habag ng Pagpapatawad

Sinasabi sa Efeso 4:32, "At maging mabait kayo sa isa't isa, mga mahabagin, nagpapatawad sa isa't isa gaya ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos kay Cristo." Sinasabi sa atin ng Diyos na magpatawad sa isa't isa tulad ng habag at pagpapatawad na ipinapakita Niya at ng Panginoon sa atin. Pero para magawa natin ito, dapat muna nating maintindihan ang ibang tao. Hindi natin ito magagawa kung gagamitin natin ang sariling palagay. Pero kung ilalagay natin ang sarili sa situwasyong kinalalagyan nila, pwede natin silang patawarin.

Halimbawa, sabihin nating hindi maganda ang pagtrato sa inyo ng asawa o mga magulang ninyong hindi mananampalataya. Pagkatapos, dahil hindi din ninyo naiintindihan ang situwasyon nila, maaaring magreklamo at magalit kayo sa kanila. Kung hindi ninyo sila naiintindihan, hindi ninyo sila magagawang mahalin. Iiwasan na lang ninyo sila dahil sa takot at pagkabigo. Ang isang bagay na natural at malinaw para sa isang babaing mananampalataya ay pwedeng hindi maintindihan ng asawa niyang hindi mananampalataya. Kaya kung ikukwento ng babae ang tungkol sa iglesya o pananampalataya niya, mag-aaway sila. Kaya, huwag ninyong sabihing mali ang ginagawa ng asawa ninyo, kundi unawain ninyo ang kalooban niya at lumagay kayo sa situwasyon niya. Kung gagawin ninyo ito magkakaroon kayo ng karunungan.

#### 2) Habag ng pagpaparusa

Parang magkasalungat ang pagpapatawad at pagpaparusa, pero sa totoo lang, hindi. Ang dahilan ay sapagkat ang parusang may habag ay hindi ginagawang may kasamang panghuhusga, paghatol, at galit. Ginagawa ito nang may pagmamahal. Ang mga pagpaparusang pinapayagan ng Diyos ay mga parusang may kasamang habag. Ginagawa Niya ito dahil minamahal Niya ang mga taong ito. Kung magtatayo tayo ng pader ng kasalanan, at tatalikuran tayo ng Diyos, hindi na magkakaroon ng parusa. Sinasabi ng Sa Mga Hebreo 12:6, "Sapagkat dinidisiplina ng Panginoon ang Kanyang minamahal, at pinaparusahan ang bawat itinuturing na anak."

May mga taong itinatago ang mga kasalanan nila, nagbibigay sila ng mga dahilan para hindi maparusahan. O kaya, kung malalantad ang mga maling ginawa nila, nanghihina ang kalooban nila. Kapag magsisisi tayo at iiwanan ang kasalanan, tiyak na patatawarin tayo ng Diyos at tutulungan din Niya tayong mapagtagumpayan ang paghihirap. Ni hindi na Niya maaalala ang ibang mga kasalanan.

May mga oras na mababalitaan ninyo ang tungkol sa mga kasalanan ng mga kapatid sa pananampalataya. Gusto ninyong magbigay sa kanila ng payo o kaya pagsabihan sila. Bago ninyo gawin ito, suriin muna ninyong mabuti ang puso ninyo. Baka magkukunwari lang kayo na mahal ninyo sila kaya gagawin ninyo ito, iyon pala, mayroon itong nakatagong kasamaan dahil nagmamalinis lang kayo. O kaya naman, gusto ninyo silang turuan na kumilos sa paraang gusto ninyo. Kahit gamitin natin ang Salita ng Diyos sa pagtuturo sa kanila, hindi kikilos ang Banal na Espiritu kung hindi natin ito gagawin nang may pagmamahal.

Hindi makakapagbigay ng buhay o pang-unawa sa tao ang mga ganitong payo. Sa halip, magkakaroon lang ng mga samaan ng loob o kawalan ng pag-asa. Maaaring nagsisikap ang taong iyon na maging mabuti dahil nakita niya ang pagkakamali niya, pero kapag nakarinig siya ng payo o pintas na mayroong kasamang galit, baka panghinaan siya ng loob at lumayo na lang.

Samakatwid, kapag magbibigay tayo ng payo sa isang tao, o kung magpapataw tayo ng parusa, gawin natin ito nang may espirituwal na kahabagan at tunay na pag-unawa ng kalooban niya. At dapat natin siyang ipanalangin at bigyan ng payo nang may pagmamahal na pwedeng mag-alay ng buhay para sa kanya. Kapag magpaparusa tayo ng may ganitong kalooban, pwede natin siyang bigyan ng buhay.

#### 3) Habag ng Paglilimos

Kung mayroon tayong espirituwal na habag, hindi lang tayo maaawa sa mga taong nangangailangan, kundi tutulungan natin sila. Ang tunay na habag ay pagtulong sa ibang tao nang may gawa ayon sa katotohanan, nakasulat ito sa 1 Juan 3:18.

Dapat tayong mahabag sa mga kaluluwang hindi ligtas dahil hindi nila alam ang tungkol sa ebanghelyo. Kung mahabagin tayo pwede nating ipangaral ang ebanghelyo kahit usigin tayo o malagay sa panganib ang buhay natin. At dapat din tayong mahabag sa mga bigo, mga may karamdaman, mga nalulungkot, at mga pinabayaan.

Kapag nagpakita tayo ng habag ayon sa katotohanan sa ganitong paraan, kahahabagan din tayo ng Diyos. Bibigyan tayo ng Diyos ng mas maraming biyaya kaysa sa ibinigay natin at ito ay nag-uumapaw (Lucas 6:38). Ito ang dahilan kung bakit marunong ang taong tumutulong sa kapwa.

Pero kung tutulong tayo sa kapwa, dapat magkaroon tayo tamang pagkilala o tamang pagdedesisyon. Unahin natin ang pagtulong sa pamilya ng mga mananampalataya. Hindi tayo pagpapalain kapag ang tutulungan natin ay ang mga lasenggo, sugarol, at ang may problema sa pinansyal dahil lumabag sila sa batas. Mali ito sa mata ng Diyos. Baka maghirap din kayo kung gagawin ninyo ito.

### 3. Ang karunungang mahabagin na puno ng mabubuting gawa

Kung sagana tayo sa habag, mapupuno tayo ng mabubuting gawa. Ang habag na ipapakita natin ay tiyak na magbubunga ng maganda sa pagkilos ng Espiritu. Higit sa lahat, makakamit natin ang bunga ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagdadala ng maraming kaluluwa sa kaligtasan. Kung magiging mahabagin tayo magkakaroon ng mabubuting gawa ang puso natin. Ang mga mabubuting gawa na ipapakita natin kahit sa masasamang tao at ang mabangong samyo ng panalangin natin ay mabubuting bunga. Dahil sa mga bungang ito, makakamit natin ang karangalan dito sa lupa at sa langit.

Hindi mabilang ang nakamit na bunga ni Jesus dahil sa habag Niya na hindi maipaliwanag. Boluntaryo Niyang inako ang sakit ng kamatayan dahil sa habag Niya sa mga kaluluwang patungo sa kamatayan. Dahil dito, naligtas ang hindi mabilang na mga kaluluwa.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, anong gagawin ninyo sa mga taong nanggugulo o masasama ang ugali? Iniisip ba ninyong, "Sana hindi na lang siya pumunta sa simbahan..." o kaya, "Sana lumipat na lang siya ng trabaho..."? Gusto ng Diyos na mapuno tayo ng kahabagan at mabubuting gawa, at alagaan ang bawat kaluluwa nang may pagmamahal.

Umaasa ako na mamahalin ninyo ang kapwa ninyo sa pamamagitan ng mabubuting gawa at katotohanan, aaliwin ang mga nalulungkot, at tutulungan ang mga nangangailangan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na malugod nawa sa inyo ang Diyos at umapaw nawa ang mga bunga ng habag at kabutihan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.


"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Nang pasimula, ano ang anyo ng mundo?

Malaking bahagi ng mundo ang nasa ilalim ng tubig, at sa lahat ng mga planeta, ang mundo lang ang may karagatan. Paano nabuo ang karagatan at ano ang anyo ng mundo sa pasimula nang ito ay likhain?
Inilalarawan ng unang kabanata ng Genesis ang proseso ng paglikha ng langit at lupa at ng lahat ng bagay na narito. Dinitalye ng Genesis 1:2 ang mundo sa pasimula. Sinasabi, "Ang lupa ay walang anyo at walang laman, at binalot sa kadiliman ang kalaliman samantalang ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos sa ibabaw ng mga tubig."



## "Ang mundo ay walang anyo at walang laman"

Nang pasimula, nang lalangin ng Diyos ang mundo, hindi ito katulad ng nakikita natin ngayon. Hindi matatag ang lupa sa ibabaw at ang kapaligiran. Palaging mayroong mga pag-uga, lindol at pagputok ng mga bulkan. Iba't ibang pangyayari ang nagaganap sa kapaligiran.

Ipinapalagay din ng mga siyentipiko na aktibo ang maraming kemikal sa kapaligiran noong bago pa lang nagsisimula ang mundo. Sinasabi nilang ito ang dahilan ng pagbunsod ng teoryang 'big bang'. Sa totoo lang, walang nangyaring 'big bang', ang tunay na kaganapan ay ang paglikha ng Diyos ng lupa sa pasimula. Dumaan Siya sa prosesong pagtatag ng pundasyon kasabay ng aktibong paggalaw ng lupa at iba pang pangyayari sa kapaligiran (Job 38:4; Sa Mga Hebreo 1:10). Sa pamamagitan ng prosesong ito, nagkaroon ang mundo ng lupa at hangin; ang tamang kapaligiran para sa tao.

*Bakit hindi ginawang perpekto ng napakamakapangyarihang Diyos ang mundo sa pasimula at hinayaan pang dumaan sa lahat ng prosesong ito?*

Sa pagtatayo ng tao ng kahit maliit na bahay, kinakailangang magkaroon ito ng pundasyon at mga haligi. Ganito ang pisikal na tuntunin ng makalaman na mundo. Kahit Siya ang pinakamakapangyarihan, sinunod Niya ang tuntuning ito nang likhain Niya ang lupa. Ito ang paraan Niya ng pagpapakita ng pagmamahal sa sangkatauhan.

Isipin ninyong nagtatayo kayo ng sariling bahay. Dito kayo titira ng minamahal ninyong pamilya. Kahit tumagal ang pagtatayo nito at mangailangan ng puspusang trabaho, susuriin ninyo ng personal ang bawat detalye. Masaya kayo habang ginagawa ninyo ito.

May ganito ring pagmamahal ang Diyos habang nililikha Niya ang lupa sa loob ng mahabang panahon. Ang lupang ito ang magiging tirahan ng mga kaluluwa na pangangalagaan para maging tunay na mga anak Niya. Ito ang dahilan kung bakit ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo – Ang Diyos na may Tatlong Persona – ay masigasig na naglagay ng pundasyon sa lupa at nilikha ang kalangitan sa mahabang panahon. Binuo din Niya ang kapaligiran at pinaikot ito sa iba't ibang panahon para magawa ang pinakatamang kapaligiran.

## "Ang Espiritu ng Diyos ay kumilos sa ibabaw ng mga tubig"

Ang Diyos mismo ang bumaba sa lupa kung saan isasagawa ang pangangalaga ng sangkatauhan. Habang kumikilos Siya sa ibabaw nito, tiningnan Niya kung ano ang mga bagay na kakailanganin na gagawin Niya sa loob ng 6 na araw ng Paglikha. Bigyang pansin natin na noong una, ang mundo ay natatakpan ng tubig, kaya nakasulat sa Biblia ang "kumilos sa ibabaw ng tubig ang Diyos." Pagkatapos lagyan ng pundasyon ng Diyos ang mundo, tinakpan Niya ito ng tubig.

Saan nanggaling ang tubig na tumakip sa buong mundo? Ito ang tubig ng buhay na dumaloy mula sa trono ng Diyos. Mababasa sa Genesis 1:9, "Sinabi ng Diyos, 'Magipon ang tubig na nasa silong ng langit sa isang dako at hayaang lumitaw ang lupa.' At ito ay nangyari." Sa 2 Pedro 3:5, sinasabi, "...sa pamamagitan ng salita ng Diyos ay nagkaroon ng langit nang unang panahon at inanyuan ang lupa mula sa tubig at sa pamamagitan ng tubig." Sa madaling salita, nasa ilalim ng tubig ang lupa noong una, lumitaw na lang ito pagkatapos.

Ano ang dahilan kung bakit tinakpan ng Diyos ng tubig ng buhay ang buong mundo na parang sanggol sa sinapupunan ng nanay niya? Ito ay para lumikha ng kapaligiran kung saan pwedeng mabuhay ang lahat ng bagay na may buhay, kasama na ang mga tao, dito sa mundo. Niloob ng Diyos na dumaloy ang tubig ng buhay dito sa mundo.

Ang mundo ay parang sanggol sa sinapupunan ng nanay dahil ito ay nababalutan ng tubig. Ang tubig sa sinapupunan ng ina ay nagpapanatili ng tamang temperatura, nagpoprotekta sa mga pag-uga at mga impeksyon para sa sanggol. Habang nababalutan ng tubig ang sanggol, mayroon siyang nakukuhang mga sustansya mula sa ina na dumadaan sa pusod hanggang sa ito ay tuluyang mabuo. At kapag nasa tamang gulang na ito, lalabas na ito sa mundo.

Sa ganito ring paraan, noong panahong natatakpan ng tubig ng buhay ang mundo, ang kapaligirang titirahan ng mga bagay na may buhay ay nilikha. Batid nating lahat na ang lahat ng bagay ay hindi mabubuhay kung walang tubig. Ang tubig na ito ay ibinibigay ng Diyos. Samakatwid, dapat nating malaman na ang mga tao ay hindi mabubuhay kung hindi dahil sa Diyos. Sa katunayan, nang takpan ng Diyos ang mundo ng tubig ng buhay, hangarin ng Diyos na magkaroon ng buhay na walang hanggan ang lahat ng kaluluwa.

At isa pang mahalagang bagay, ang tubig ng buhay ay napakadalisay at malinis. Gusto ng Diyos na magkaroon ng pusong kasing-linis ng tubig ng buhay ang lahat ng kaluluwa pagkatapos nilang dumaan sa pangangalaga. Gusto Niyang maging tunay na mga anak tayo, walang bahid at mantsa. Sa pisikal na diwa, tubig ang panlinis ng lahat ng maduming bagay. Mahalaga din ang Salita ng Diyos, na siyang espirituwal na tubig para panatilihin ang espirituwal na buhay natin. Nagsisilbi itong panlinis ng madudumíng kasalanan.

*Kung titingnan natin ang anyo ng mundo sa ngayon, paano kaya tinakpan ng Diyos ng tubig ng buhay ang buong mundo sa pasimula?*

Nakatala sa Genesis 1:3 at sa mga sumusunod na talata na maingat at detalyadong nilikha ng Diyos ang langit at lupa at ang lahat ng bagay na narito.

Sa pangalawang araw ng Paglikha, nilikha ng Diyos ang kalawakan, pinaghiwalay Niya ang tubig sa ilalim ng kalawakan at ang tubig sa itaas ng kalawakan (Genesis 1:6-8). Sa panahong ito, ang buong ibabaw ng mundo ay patag, walang matataas na bundok o malalalim na lambak. Sa pangatlong araw ng Paglikha, gumawa ang Diyos ng malaking bangin sa isang dako, malapit sa North Pole. Inipon Niya ang tubig dito, at tinawag itong 'Dagat', tinawag Niyang 'Lupa' ang tuyong bahagi.

Sa ikaapat na araw, nilikha Niya ang araw, ang buwan, at ang mga bituin at hinati Niya ang tuyong lupa sa ilang mga kontinente. Hinati din Niya ang dagat sa ilang mga dagat sa pamamagitan ng pagpapakilos o paggalaw ng lupa. Ganito na ang mundong nakikita natin ngayon (Genesis 1:14-19).

# “Nawala ang malaking bukol na sanhi ng aksidente!”

Diakonesa Saebom Park (Gimhae Manmin Church, South Korea)

“Aaahh! Naku! Si Minsik!”


Nangyari ang aksidente mga ika-7:00 ng gabi noong Setyembre 30, 2013. Tumakbo ang 9 na taong gulang kong anak na si Minsik sa kalye pagkatapos magpalit ng berde ng ilaw sa tawiran. Nabundol siya ng isang taksing mabilis ang takbo.

Kitang-kita ko ang pangyayari, hindi ko alam kung anong gagawin ko. Tumilapon ang katawan ng anak ko dahil sa pagbundol sa kanya. Kasing taas ng poste ng ilaw ng trapiko ang taas bago siya muling bumagsak sa lupa. Ayon sa x-ray, sinabi ng doktor na walang problema pero sinabi rin niyang bantayang mabuti ang bata dahil nga hindi biro ang pagkabundol sa kanya ng kotse. Mayroong pasa si Minsik sa ibaba ng kanang tuhod niya, namamaga ito.

Hindi lumiit ang pamamaga kahit tumagal ito. Noong Oktubre 14, bumalik kami sa ospital. Sinabi ng doktor na ang dahilan ng pamamaga ay ang mga pumutok na maliliit na ugat, makakabuti kung tatanggalin niya ang mga dugo na namuo. Ginawan ulit ng x-ray ang anak ko sa may bandang hita at tuhod niya. Hindi namin inaasahan na mayroon na siyang malaking bukol sa bahaging iyon dahil sa aksidenteng nangyari.

Nagkakaroon ng paninigas na parang buto ang napinsalang laman o himaymay. Bihirang mangyari ang kondisyong ito. Sinabi sa akin na ang sukat ng bukol na kasintigas ng buto ay 9sm.

Gumaling si Minsik mula sa mga sakit sa balat, impetigo, eczema sa kamay, paa, at bibig, at nabanat na litid dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Ipinasa-Diyos na rin namin ang pangyayaring ito ng may pananampalataya, huwag na nawa siyang operahan.



Bago ipanalangin: ang bahaging may 9sm na bukol

Pagkatapos ipanalangin: wala na ang bukol

Dumalo kami ni Minsik sa loob ng isang buwan sa pulong ng Manmin Prayer Center para pagalingin siya ng Diyos. Ibinuhos ng Diyos ang dakilang pagpapala Niya sa amin sa unang araw pa lang ng pagdalo namin. Bumaba sa akin ang apoy na Banal na Espiritu at nag-init ang buong katawan ko. Binigyan din ako ng Diyos ng pagpapala para lubos na magsisi sa mga kasalanan ko.

Pinagsisihan ko na nawala ang init sa aking unang pagmamahal. Hindi rin ako naging mabuting lider ng maliit na grupo ng mga mananampalataya, at nakasakit din ako ng damdamin ng mga miyembro ng iglesya. Nagsisi din si Minsik habang lumuluha dahil hindi siya nakinig sa akin. Higit sa lahat, pinagsisihan ko sa harapan ng Diyos at ni Minsik ang hindi tamang buhay ko bilang isang Cristiano. Nangyari ang lahat ng ito dahil doon.

Marami akong nadiskubre sa puso ko habang nakikinig sa mga sermon sa Manmin Prayer Center. Napaiyak ako dahil sa pagmamahal ni Gng. Boknim Lee, Pangulo ng Manmin Prayer Center, na nanalangin para gumaling kami.

Noong Enero 29, 2014, araw ng Lunar New Year, lumapit ako kay Dr. Lee para batiin siya. Habang kumakamay ako sa kanya, ipinaalam ko ang hangarin ko sa kanya, ‘Gusto ko pong gumaling ng lubos ang kalagayan ng anak kong si Minsik.’ Nang sandaling iyon, natiyak kong gagaling na siya.

Noong Pebrero 25, 2014, nagpunta kami sa ospital, kinakabahan kami. Gumaling na siya! Nawala na ang 9sm bukol sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos! Hallelujah! Ang lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na nagpagaling sa anak ko at pumuspos sa akin ng Banal na Espiritu.



# “Natutuhan ko kung paano magsulong ng malusog na buhay sa Panginoon”



Kap. Suri Buntong
(Chiang Rai Manmin Church, Thailand)

Napakabata ko pa nang mamatay ang mga magulang ko. Dumanas ako ng hirap habang lumalaki ako, natuto akong magtago ng damdamin ko sa ibang tao. Hindi rin ako makatulog dahil sa malalang nerbiyos. Natutulog lang ako kapag umiinom ako ng pampatulog. Kapag malala ang nerbiyos ko, kamatayan naman ang kinatatakutan ko. Kaya ang ginawa ko, pumunta ako sa iba’t ibang simbahan, gusto kong magkaroon ng kapayapaan. Pero, hindi ko mahanap ang tunay na kapayapaan kahit saan.

Noong simula ng taong 2012, lumipat ako sa Chiang Rai. Dinala ako sa Chiang Rai Manmin Church (pinaglilingkuran ni Pastor Jaewon Lee) ni Misyonero Sunok Lee. Binasa ko ang *Balitang Manmin* sa wikang Thai, hinaplos nito ang damdamin ko. Noong Marso 2013, nagsimula akong dumalo dito. Ang mga miyembro ng Chiang Rai Manmin Church ay dumadalo sa pagsamba ng Manmin Central Church sa Seoul sa pamamagitan ng GCN.

Pagkatapos makinig ng mensahe ni Dr. Jaerock Lee, pinagsisihan ko na hindi ko pinanatili ang magandang pakikisama ko sa mga kapit-bahay ko, sinaktan ko ang damdamin nila. Dahil narinig ko ang kahalagahan ng pagpapanatiling banal ng Araw ng Sabbath, dumalo ako sa pagsamba sa Linggo ng umaga at sa pagsamba sa Linggo ng gabi.

Nakakatulog na ako ngayon ng mahimbing! Masayang-masaya na ako. Noong taong 2014, namaga at sumakit ang bandang ibabang bahagi ng leeg ko. Gusto kong gumaling sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Sa pagsamba sa Linggo ng gabi noong Pebrero 2, habang nakikinig sa GCN, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga may karamdaman pagkatapos ng mensahe. Nawala ang sakit at pamamaga ng leeg ko. Hallelujah!

Dati, kapag nakakaramdam ako ng kahit na anong sakit ng katawan, tumatakbo ako sa ospital. Ngayon, hindi ko na kailangan ng gamot, pwede na akong maging malusog kahit wala nito. Kamangha-mangha ito para sa akin. Hindi rin ako makapaniwala sa buhay na isinusulong ko nang may tiyak na kaalaman tungkol sa kalooban ng Diyos. Pinalitan ng Diyos ang malungkot at sensitibong personalidad ko ng isang aktibo at masayang pagkatao. Siya ang Dakilang Manggagamot! Ipinapangaral ko ang tungkol sa pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos sa kapwa ko. Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay ibinibigay ko sa Diyos.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714